


MAIN LIBRARY
UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
DILMAYO QUEZON CITY
Pinsasindayan
ng
Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong

ANG Bayan

Inilalathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas



Malaking pagsulong sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa ang magkakasunod na koordinadong welgang inilunsad ng sampu-sampung libong manggagawa simula noong Oktubre 1983.

Habang mabisang ihinahanda nito ang kilusang anakpawis sa mga pangkalahatang welgang pang-ekonomya't pampulitika laban sa diktadurang US-Marcos at uring kapitalista, natututo at napasisigla ang iba pang mamamayan na tularan ang mapanghamok at abanteng anyong ito ng pakikibaka... (Tingnan sa pahina 20).

ABRIL 1984

NILALAMAN

Balita	2
Pakana ng diktadura, binibigo ng boykot!	3
Mga welgang nagkakapit-bisig	7
Mga industriyang istratehiko	9
Patakarang ng dayuhan	12
Sa kanila ang kinabukasang ipinaglalaman	15
Panlipunang pagsisiyasat	17
Internasyonal	21

Kampanyang boykot, sumusulong

Sa nakaraang mga linggo, tumampok ang mga mahabang martsa ng mamamayan sa mga rehiyon na nananawagang iboykot ang "eleksyon" sa Mayo 14 at lansagin ang diktadurang US-Marcos bukod sa mga sektoral at lokal na isyung antipyudal, antipasista't anti-imperyalista. Ang mga martsang ito ay hawig sa makasaysayang Lakad ng Bayan para sa Kalayaan (Lakbayan) na idinaos sa Luzon noong unang linggo ng Marso.

Kabilang sa malalaking aksyong protesta ang 40-kilometrong martsa na nagmula sa Carcar, Cebu, at nagdaan sa limang bayan bago dumating sa Cebu City. Dito, nagdaos ng rali ang libu-libong mamamayan. Sa Misamis Oriental, nagdaos ng walong-araw na martsa na nagwakas sa malaking rali noong Abril 22 sa Cagayan de Oro City. Nakatakda namang tumulak, habang sinusulat ito, ang malaking martsa na magmumula sa Tagum, sa Davao del Norte at Digos sa Davao del Sur, at magtatapos sa Davao City.

Gaya ng nangyari sa unang Lakbayan, ang karamihan ng nagmamartsa ay mga magbubukid, na sinasalubong sa mga kabayanan at syudad ng mga manggagawa, istudyante at ibang mamamayan. Mahigpit na suporta ang ipinapakita ng masa sa mga bayang dinadaan.

Nagkaroon din ng mga martsang nananawagan ng boykot sa Malolos, (Bulacan), Cabanatuan City, at ibang lugar. Samantala, isang martsang protesta ang idinaos naman ng mamamayan sa Negros Occidental para magpahayag ng suporta sa siyam na taong-simbahan na hinarapan ng rehimen ng gawa-gawang bintang.

Sa Metro Manila, nagdaos ng isang-linggong pagpapakagutom ang isang grupo ng mga oposisyonista sa pamumuno ni Agapito (Butz) Aquino. Sa pamamagitan nito, ani Aquino, nais nilang tutulan ang pananakot at panunupil sa taumbayan. Nakatakda ring nagdaos ng isang araw na pagpapakagutom ang mga pari sa probinsya ng Sorsogon sa pamumuno ng kanilang obispo.

Patuloy ding idinadaos sa Metro Manila ang mga raling sektoral. Noong Abril 10, nagrali ang mahigit 3,000 istudyante sa harap ng embahada ng US para tutulan ang pakikialam ng US sa eleksyon. Nagmartsa ang 600 duktor, nars at iba pang mula sa sektor ng kalusugan para ipaglaban ang mas mataas na sahod at badyet ng gubyrno para sa mga serbisyong pangkalusugan. Nagkaroon ng iba pang mga aksyong protesta ng ibang sektor. Tampok ang mga palabang welgang manggagawa [tingnan sa pahina 20].

Ang masiglang takbo ng kilusang masa laban sa diktadura kaugnay ng kampanyang boykot ay sinisikap pigilin ng rehimen sa iba't ibang paraan, hanggang sa paghahamlet at pagpatay. Noong Abril 10, dinukot ng mga ahenteng militar ng rehimen ang limang istudyanteng kasama sa 3,000 nagmamartsa tungo sa embahada ng US. Bago nito, apat na aktibistang taga-Batangas na sumali sa Lakbayan ay sinalbeyde ng militar.


Gayunman, sa pagbwelo ng kilusang boykot, paparaming mga organisasyon ang nagpahayag ng pakikilisa dito. Nagpahayag din ng pagpanig sa kilusang boykot, mula sa pusisyong partisipasyon sa eleksyon, ang dalawang balangay ng Namfrel (isang organisasyong naglalalayong sumubaybay sa takbo ng eleksyon) sa Cebu, at Valenzuela, Metro Manila. Pati ang asembliman na si Reuben Canoy ay nagpahayag na magboboykot.

Habang papalapit ang Mayo 14, araw ng "eleksyon" para sa Batasang Pambansa ng rehimen, umiinit pang lalo ang isang napakahalagang pampulitikang labanan sa pagitan ng mga pwersa ng diktadura at mga pwersang kumakalaban dito. Pursigidong kinakontra ng diktadurang US-Marcos ang kilusang boykot ng mga pwersang antidiktadura, isang kilusang nagtatamasa ng malakas na suporta ng malawak na masa ng sambayanan.

Bakit boykot ang tamang pusisyon at taktika sa labanang ito? Una, dahil binibigo nito ang mga layunin ng rehimen sa pakanang elektoral. Pangalawa, dahil mas mahilis itong nagpa-paunlad sa pagkaka-isa't lakas ng malawak na masa tungo sa pagbabagsak sa diktadura.

Layunin ng diktadura sa pagdadaos ng "popular na eleksyon" na pigilan ang bwelong nakakamit na ng kilusang protesta, ilayo ang atensyon ng masa sa mga ipinaglalaman nila (kabilang ang paggigiit ng hustisya para kay Benigno Aquino at iba pang biktima ng pasismo), at ilimita sa larangan ng pulitikang elektoral ang pagtuligsa ng mamamayan sa diktadura. Ang idadaos na "eleksyon," kung gayon, ay nilalayong gawing tuntungan ng rehimen para makaalpas sa napakatinding krisis sa pulitika; higit pa, hinahanga ng rehimen na sa pamamagitan nito'y madiskaril ang kilusang bayan at mailihis ito mula sa landas ng rebolusyon. Ang mga layuning ito ng diktadura ay binibigo ng kilusang boykot.

Sa kabilang dako, sa pamamagitan ng kampanyang boykot ay naitataas ang mapanlabang diwa ng mamamayan, kasabay ng pagtaas ng kanilang kamulang pampolitika. Sinisindak ng diktadura ang mga magboboykot sa "eleksyon" at pinupuri ang mga lalahok. Malinaw na ang



Pakana ng diktadura, binibigo ng boykot!

taktikang boykot ay nagpapatalas sa kapangahasan ng masa na harapin ang pananakot ng kaaway. Ang taktikang boykot ay umaasa sa pagkilos ng masa at hindi sa mga hakbang ng diktadura o sa "galing" ng mga "lider" na oposisyonista sa salita pero mga kolaboreytor sa gawa. Pinararami, pinalalaki at pinatatatag ng kampanyang boykot ang mga militanteng organisasyong pampolitika ng mamamayan.

Sentral na usapin

Ang sentral na usapin na kaharap ng rebolusyonaryong kilusan at ng malawak na masa ng sambayanan ngayon ay ang pagbabagsak sa diktadurang US-Marcos na ganap na kumakatawan sa kaayusang malakolonyal at malapyudal sa Pilipinas. Sa pamamagitan ng kilusang boykot, napakikilos natin ang malawak na masa sa isang aktibong pagtanggì sa hungkag na pulitikang elektoral. Mula't mula pa,

ang pulitikang elektoral, gayundin ang ilusyon ng representatibong parlamento, ay pilit na ginagamit ng reaksyonaryong estado para ilayo ang mamamayan sa landas ng militanteng paglaban na ang pangunahing anyo ay armadong pakikibaka. Ito ang paglabang makapagpapabagsak sa diktadura. At bagamat di towirang hinaharap ng kilusang boykot ang usapin ng rebolusyonaryo o armadong pagbabagsak sa diktadura, itinuturo nito sa mamamayan na magaganap lamang ang makabuluhang pagbabago sa lipunang Pilipino kung pangunahing kakalabanin ang kaaway sa labas ng balangkas na idinidikta nito.

Kung sa mga eleksyon at sa Kongreso bago magbatas-militar ay walang makabuluhang nakakamit ang masang anakpawis at pati ang iba pang demokratikong uri, sa mga "eleksyon" at sa Batasan ng diktadurang US-Marcos ay malinaw na walang makabuluhang nakakamit ang sinuman maliban sa diktadura mismo. Hindi magagamit ang "eleksyon" at ang Batasan ng diktadura para ibagsak ang diktadura; di rin magagamit ang mga ito sa pagsusulong ng lehitimong mga interes na multisektoral at sektoral ng mamamayan. Kayat marami rin ang nagtataguyod sa boykot nang dahil sa talagang walang kabuluhan ang isang "eleksyong" pipili sa mga bubuo ng isang inutil na parlamento--maski hindi pa sila mulat sa pangangailangang ibagsak nang ganap ang buong sistemang reaksyonaryo.

Depensibong diktadura

Tampok sa krisis pampulitikang sumabulat mula noong Agosto ang matalas na

pagsentro nito sa usapin ng pagwawakas sa paghaharing diktador. Kumakapit na parang tuko ang diktadurang US-Marcos sa ganap na kapangyerihan sa bansa, at kinokondena ito ng malawak na opinyong publiko sa loob at sa labas ng Pilipinas.

Para sa imperyalismong US, ang pinakamainam na paraan ng pangangalaga sa matagalang mga interes nito sa Pilipinas ay ang pagtulong sa rehimen Marcos na makealpas sa napakadepensibong pusisyon sa pulitika sa pamamagitan ng palabas na elektoral, at ang pagsasayos batay dito ng isang "lehitimong" proseso ng paghahalili kay Marcos sa paglaon.

Nang bumulaga sa US ang galit ng mamamayang Pilipino noong mga buwang kasunod ng pagpatay kay Aquino, ang unang reaksyon ng gubyrnong Reagan ay dumistansya nang kaunti sa pangkating Marcos. Di man ipinagdiinan ang tunay na dahilan, kinansela nga ang pagbisita dito ni Reagan noong Nobyembre. Subalit halos kaagad ding inabutan nito ng salbabidang kakaipitan ang rehimen, sa anyo ng tulong pang-ekonomya at maingat na deklarasyon ng suporta.

Ang kahandaan ng malawak na masa na lubusang itakwil ang diktadura at lumabas sa ligal na balangkas na itinatakda at kontrolado nito ay makikita sa patuloy na paglakas ng kilusang boykot.

Nabahala ang US nang pumasok ang Enero at ang malaking bahagi ng nag-aktibong mga panggitnang pwersa ay nanindigang magboboykot kundi ibibigay ni Marcos ang anim na kahilingang nagbabawas nang



malaki sa kanyang mga kapangyarihang diktador. Mula noon at lakas nang maging depinido ang boykot, nag-aktibo ang mga opisyal at tauhan ng gubyernong US, mula kay Reagan hanggang sa mga kagawad ng kanyang embahada sa Maynila, upang mangampanya para sa partisipasyon. Kinausap ang mga grupo at personaheng oposisyonista. Inulit ang pangakong tutulongan silang makapasok sa Batasang Pambansa. Ipinaamoy pa sa kanila ang posibilidad na palitan si Marcos sa loob ng ilang taon, sa pamamagitan ng isang "mapayapa't maayos na transisyon." Gusto ng US ngayon na makipagkasundo kay Marcos ang burges na oposisyon, nang mailagay sa mas matatag na pampulitikang batayan ang pagsupil ng pasistang papet na estado sa rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan.

Para naman sa pangkating Marcos, ang pinakaimportante ay pananatili sa poder. At papayagan ito ng imperyalismong US at makukuha ang kooperasyon ng mga lokal na naghaharing uri, bastat maldos ang isang "eleksiyong" maipagpapayabang ng pangkatin bilang "basbas ng mamamayan" sa kanilang paghaharing diktador. Dati nang naiskedyul ang "eleksiyong" ito para sa Batasang Pambansa, ngunit nagkaroon ito ng dagdag na kabuluhan matapos ang asasinasyon kay Aquino at nasadlak sa napakadepensibong pusisyon ang rehimen.

Gaya ng dati, kumbinasyon ng dahas at panloloko ang ginagamit ng rehimen para pigilin o ilihis ang bwelo ng kilusang protesta. Tinangkang marahas na apilin ang mga nagtataguyod ng boykot--nang-aaresto, nangingidnap, nangsasalbeyds pa, gaya ng ginawa sa apat na kalahok ng Labayan noong Marso. Pati ang mga oposisyonistang kumakandidato ay di ligtas sa traydor na karahasan ng pasistang rehimen.

Samantala, inaasahan ng pangkating Marcos na ang "tagumpay" ng KBL sa isang "eleksiyong" maipagpipilitan nitong "kapanipaniwala" ay maiwawasikas nito bilang pag-aabawelto ng mamamayan sa pagpatay kay Aquino at iba pa nitong krimen. Kayat pinarami ang kandidato, sa bawat probinsya't distrito, pinatakbo ang mga "independyenteng KBL" at nagbuo pa ng mga huwad na partido--ginagawa ang lahat para lokohin ang taumbayan na manalig sa bulok na pulitikang elektoral at bitagin ang mga oposisyonistang hindi makakawala sa makitid na balangkas ng parlamentarismo.

Prenteng antidiktadura

Samantalang nagkakaissa sa layuning alisin sa poder ang pangkating Marcos,

at dumarami sa kanilang hanay ang kumikilala na sa papel ng imperyalismong US sa diktadura, ang malawak na hanay ng mga pwersang antidiktadura ay nahahati sa pamamaraan ng pag-aalis o pagbabagsak na ito. Sa isang banda, may mga partisipasyonista na naggigiit lumahok sa huwad na halalan; at sa kabilang banda, ang kilusang boykot ay naninindigang kailangang itakwil ng mamamayan ang rehimen sa pamamagitan ng aktibo't militanteng boykot.

Ibig ng mga partisipasyonista (kabilang ang isang seksyon ng malaking burgesyang kumprador at ang pamunuan ng Simbahang Katoliko) na panatilihin ang kilusang protesta sa loob ng balangkas ng naghaharing sistema. Umaasa silang mareporma ang sistema sa pamamagitan ng pagpilit kay Marcos na magbago ng palakad, o kaya'y sa pamamagitan ng pagkumbinsi sa US na palitan si Marcos ng bagong pangulo.

Katunayan, ang partisipasyon ay bagong bersyon lamang ng dati nang paghiiling sa rehimen na magkaroon ng "rekon-silyasyon"--ibig sabihin'y magbigay ng ilang konsesyon si Marcos at makipagkasundo sa kanila sa loob pa rin ng balangkas na lubusang kontrolado niya. Ang pakiusap na iyon ay pinagtawanan lang ni Marcos, gaya ng pagtawa niya ngayon sa mga konsesiyong hinihingi ng mga partisipasyonista. Pero nagpipikit lang ng mata ang mga ito sa pambabastos ni Marcos sa kanila, dahil mas malaki ang takot nila sa armadong rebolusyon kaysa determinasyon nilang magpursigi laban sa diktadura.

Noong Enero at Pebrero ay nahatak sa boykot ang marami sa dating mga tuma-tanggi o nag-aatubiling lumabas sa mga "ligal na balangkas," kayat ang mga partisipasyonista ay madaliang naghagilap ng pwersa sa kataupan ng mga binuhay-muli o bagong-pinalilitaw na mga lumang-tipong pulitiko at mga sirkulo ng mga ito.

Tiyak na ang ilan sa mga kandidatong hindi sa KBL ni Marcos ay makakapasok sa Batasan. Ngunit ang pagkakapasok na iyon ay magiging karugtong lamang ng kasalukuyang paggamit ng pangkating Marcos sa kanila, sa pangunahing interes nitong bigyan ng kredibilidad ang "eleksiyon" at ang Batasan.

Ang boykot ay itinataguyod ng masang anakpawis na namumulat na sa kawalang-saysay ng mga burges na eleksyon sa isang

malakolonyal at malapyudal na lipunan, at nakasasapol na sa pangangailangang isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon. Nagtataguyod din sa boykot ang malaking bahagi ng petiburgesya ng lungsod at pambansang burgesya, na karamihan'y nakabig noong Enero at Pebrero, nang mapatunayan nilang walang saysay ang "eleksyon" dahil inutil na Batasan ang bubuun nito. Marami rin ang nagpasyang magboykot dahil sa harap ng pandarahas at pandarayang ginagawa ng diktadura ay wala silang nakikitang pag-aang manalo sa partikular na "eleksyong" ito. Kabilang sa kanila ang mga nag-atras ng kandidatura at ang mga nagbitiw na myembro ng Namfrel, isang organisasyong partisipasyonista.

Sa loob ng nakaraang mga buwan, malaking pagsulong ang nakamit ng kilusang antidiktadura sa paglulunsad ng iba't ibang aksyong masa para sa boykot. Laluna sa mga syudad at sentrong bayan, tumaaa ang antas ng kasiglahan, mobilisasyon at organisasyon ng mamamayan, at di ito nasasagkaan ng mga panlalansi o kahit ng madugong panunupil ng diktadura. Dumami at lumakas ang mga organisasyong masa na may oryentasyong makabayan at demokratiko, kabilang na ang mga nagtutuo sa iba't ibang lehitimong panawagang multisektoral at sektoral. Sumulpot ang maraming pampulitikang organisasyon, laluna ng petiburgesya, at ang mga pwersang ito'y may napahihigpit na koordinasyon at makaprinsipyong pagkakaisa sa deti na't matatag na mga pwersang antidiktadura, sa pangunguna ng kilusang pambansa-demokratiko. Tumampok ang pulitika ng militanteng kilusang masa, nabuo ang malalawak na alyansang nagtataguyod sa ganitong pulitika, at tumingkad ang paggamit sa mas maunlad na mga porma ng mobilisasyon gaya ng mahabang martse.

Lampas sa matagumpay na boykot

Ngayon pa lamang, malinaw na ang mga indikasyon ng tagumpay ng kilusang boykot ng mamamayan. Tagumpay itong masusukat hindi sa mga numerong sasalamangkahin ng Comelec sa Mayo, kundi sa lakas at tibay ng pambansang opinyong publiko na nagtatakwil sa burges na pulitikang elektoral at kumikilala sa katumpakan ng boykot at ng rebolusyonaryong kilusang antidiktadura na kinapapalooban nito. Natitiyak ang tibay ng ganitong pambansang konsensus habang dumarami, lumalaki at nakokonsolida ang mga organisasyong makabayan at demokratiko at lumalakas pa ang armadong pwersa ng mamamayan sa buong kapuluan.

Delawang malalaking gawain ang kahalap ng pambansa-demokratikong kilusan: ang pagpapahina pa at tuluyang pagbagsak sa diktadurang US-Marcos, at ang paghahandang itayo ang makabayan at demokratikong pamahalaang koalisyon.

Kailangang ituluy-tuloy at palakasin pa ang bwelo ng hayag at lihim na pagpropaganda, pag-organisa at pagpapakilos na multisektoral at sektoral para sa kagyat, intermedya at pangmatagalang mga panawagang pampulitika at pang-ekonomya. Sa ganito, lalawak at lalalim ang prenteng antidiktadura sa lahatangpanig na pagsusulong sa kilusang anti-pasista, anti-imperyalista at antipyudal. Sa ganito rin ibayo pang mapapasigla ang pagtataguyod ng mamamayan sa armadong pakikibaka at sa kilusang lihim. Sa ibayo namang pagsusulong ng armadong pakikibaka, mabibigyan ng dagdag na bwelo at inspirasyon ang paglakas ng hayag na kilusang masa.

Napakahalaga rin ng tungkulin nating ihanda ang malawak at matatag na batayan para sa pagtatayo ng rebolusyonaryong pamahalaang koalisyon sa di malayong hinaharap. Itinataguyod natin ang kagapay o kahawig na mga inisyatiba at pagsisikap ng iba't ibang organisasyon at personahe, habang hinihimok silang magbatay sa paninindigang makabayan at demokratiko at lampas sa makitid na sentimyentong anti-Marcos o maka-Aquino. Pinalalakas natin ang balangkas ng Pambansa-Demokratikong Prenta (NDF). Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagpapalakas sa mga organisasyong nakapaloob dito, gaya ng ating Partido, Bagong Hukbong Bayan, Kabataang Makabayan, Christians for National Liberation, Katipunan ng mga Gurong Makabayan, Makabayang Samahang Pangkalusugan at iba pa. Sa mga organisasyong ito at sa kani-kanilang mga sirkulo ng impluwensya, pinasisigla at pinalalalim ang mga talakayan tungkol sa pambansa-demokratikong linya at programa.



Napakainam ng mga kalagayan, ngayong papalapit pa lang ang "eleksyon" at pagkatapos nito, para ibayong isulong ang ating mga gawaing antidiktadura at rebolusyonaryo.



Mga welgang nagkakapit-bisig

Ang nagkakasunod na koordinadong mga welga at pampulitikang demonstrasyon ng sampu-sampung libong manggagawa kamakailan ay naghudyat ng isang malaking pagsulong sa rebolusyonaryong kilusang welga ng manggagawa.



Taglay ang diwang mapanghamok, magkakasabay na nagwelga ang mga manggagawa sa lahat ng empresa sa Bataan Export Processing Zone noong Oktubre. Sumunod dito, nagwelga ang mga manggagawa't empleyadong Pilipino sa mga baseng militar ng US, at di naglaon, sa mga empresa sa Food Terminal at sa iba pang mga kulumpon ng pabrika sa Metro Manila.

Kasabay ng mga ito, dumalas at lumakas din ang mga pampulitikang demonstrasyon ng mga manggagawa para mapalapad ang suporta, laluna'y sa mga kapwa nila mahirap na tagalunsod, sumisimpatyang mga istudyante, tauhan ng masmidya at mga grupo ng abogado. Ibayong pinalakas ng mga aksyong pampolitika ang kanilang mga piket habang naipalaganap ang opinyong publikong pabor sa kanilang pakikibaka at nagbubukod naman sa kanilang mga kaaway.

Pangunahing layunin nila sa paglulunsad ng koordinadong welga na matipon ang pinakamalaking puwersa para igiit

at ipagtagumpay ang kanilang pang-ekonomya't pampulitikang mga ipinaglalaman at masangga kundi man biguin ang magkatuwang na panunupil ng pasistang rehimen ng US-Marcos at ng uring kapitalista. Ang kagyat na pangangailangan ng ganitong masaklaw at mas matinding pakikibaka ay pinatitingkad pa ng ilang obhetibo't suhetibong kalagayan.

Krisis

Para sa uring manggagawa, ang paglutas ng krisis sa ekonomya ay nangangahulugan ng tuluy-tuloy at mabilis na pagliit ng kanilang tunay na kita, malawakang disempleyo at ibayong paninikil sa kanilang pang-union at iba pang demokratikong mga karapatan. Para mapangibabaw ang napekahirap na kalagayan, kailangan nilang patalasin ang kanilang sandatang welga.

Sa pangunguna ng kanilang rebolusyonaryong kilusan, puspusan nilang itinaas ang kanilang pampulitikang kamalayan at buong siglang nagtayo sa paparami at mas masaklaw sa mga anyo ng organisasyon bilang mga batayang rekisites sa paglulunsad ng mas abanteng mga tipo ng pakikibakang manggagawa.

Kasaysayan

ng mga welgang koordinado



Sumusunod ang ilang tampok na pangkalahatan at koordinadong welga ng mga manggagawa mula 1902:

1902 -- Isang serye ng mga welgang sinimulan ng mga manggagawa sa industriya ng lubid at pisi ang sinundan ng unyon ng manggagawa sa imprenta at naging isang pangkalahatang welga matapos makilala ang mga manggagawa sa industriya ng tabako. Ang pakikibaka ay pinamunuan ng Union Obrera Democrata Filipina na itinatag ni Isabelo de los Reyes at may 20,000 kasapi.

1933 -- Pag-aaklas ng may 11,500 manggagawa sa 17 pabrika ng tabako at sigarilyo na kinaordina ng Katipunan ng mga Anakpawis sa Pilipinas, isang kumpederasyong pinamumunuan ni Kasamang Crisanto Evangelista.

1948 -- Pag-aaklas ng may 10,000 makinista, inhinyero at ibang manggagawa't empleyado ng Manila Railroad Company (Philippine National Railways

ngayon) sa pamumuno ng Congress of Labor Organizations.

1956 -- Magkasabay na pagwewelga ng mga manggagawa at manggagawang bukid ng Central Azucarera de Tarlac, isang kulumpo ng mga negosyong agro-industriyal ng pamilyang Cojuangco sa Gitnang Luzon. Naglunsad din ng mapagsimpatyang welga ang mga manggagawang bukid sa kalapit na plantasyon ng tubo.

1971 -- Pambansang welga ng mga tsuper ng dyipni, bus at taksi na kinaordina ng Pambansang Samahan ng Makabayang Tsuper (PSMT) at sinupportahan ng militanteng mga unyong industriyal at samahan ng mga istudyante.

1975-1976 -- Ang matagumpay na welga sa La Tondena ang nagpakawala ng sabay-sabay at magkakasunod na mga welgang humantong sa isang malaking bugso ng pakikibakang nilahukan ng may 100,000 manggagawa sa 150 empresa sa Maynila-Rizal. Kinaordina ng Bakuran ng Manggagawang Pilipino, napangibabawan ng bugsong ito ang mga pasistang restriksyong ipinataw ng diktadurang US-Marcos mula nang ideklara ang batas militar.

1983 -- Koordinadong welga ng may 18,000 manggagawa sa 27 empresa sa Bataan Export Processing Zone bilang protesta sa panunupil ng estado sa kanilang mga karapatang pang-union.

Ang mga pagsisikap dito'y pinadali ng pagkakakulumpo ng malalaki't maliit na mga pabrika sa mga purok industriyal at ng mabilis na paglawak ng mga imperyo sa negosyo ng malalaking dayuhang kapitalista at ng pangkating Marcos. Magkakapareho ang kalagayan sa paggawa at pamumuhay ng mga manggagawa sa mga lugar na ito, kaya mas madaling matukoy ang mga isyung tumutuhog sa interes nila. Sa mga pagawaan namang bahagi ng imperyo ng isang kapitalista (o isang grupo ng kapitalista), naitutuo ang kanilang sama-samang lakas sa isang kaaway.

Sa saklaw ng mga purok industriyal at mga imperyo sa negosyo, gumasp ng sentral na papel ang mga tunay at militanteng unyon at ang mga lider manggagawa ng mga ito sa pakikipagkaisa sa iba pang mga unyon, samahan at sa kapwa manggagawa. Nasubok sa maraming pang-union at pampolitikang pakikibaka, naging tagapamandila sila sa pagbubuo ng mga lokal na alyansang naninindigan sa pagsulong ng tunay na unyonismo at sumusu-

porta sa pambansa-demokratikong mithiin ng sambayanan.

Sago pa man lumitaw ang bago at paborableng kalagayang itinulak ng pagpaslang ng rehimeng Marcos kay Benigno Aquino Jr., ihinahanda na ang rebolusyonaryong kilusang manggagawa sa paglulunsad at pagpapaunlad ng iba't ibang tipo ng koordinadong mga welga: sa saklaw ng mga imperyo sa negosyo; sa isa o magkalapit na mga pook industriyal; sa saklaw ng mga ispesyal na zonang industriyal (export processing zones); batay sa linya ng industriya, laluna sa mahalagang industriya; at kahit sa saklaw ng mga korporasyon, institusyon at tanggapan ng reaksyonaryong gubyerno.

Mahalagang papel

Ipinapakita ng mga koordinadong welgang nailunsad kamakailan at maging sa nagdaang panahon (tingnan ang talaan), ang mahalagang papel ng mga ito sa pagpapasulong sa kilusang manggagawa tungo sa mga pangkalahatang welgang pang-ekonomiya't pampolitika na yayanig nang husto

sa paghahari't mga interes ng imperyalismong US at malaking burgesyang kumprador.

Sa punto ng kamulatan, napauunlad sa hanay ng mga manggagawa ang konsepto na tanging sa pamamagitan ng pakikipaglaban ng buong uri at di sa kanya-kanyang pakikipaglaban sa pabrika maipagtatagumpay ang kanilang mga ipinaglaban at malulubos ang kanilang lakas para sa kapakanan ng buong bayan.

Sa punto naman ng organisasyon, ang mga anyong mapagpasya sa pagsulong tungo sa pangkalahatang welga ay nabubuo, napalalapat at nagiging mas solido kasabay ng mga paghahanda para sa aktwal na paglulunsad o pagpapalaganap ng koordinadong mga welga.

Dahil sa saklaw at tindi ng pakikibaka sa koordinadong mga welga sa isang lugar, ang pananagumpay ng manggagawa ay nagtuturo at nagpapasigla sa iba pang manggagawa na magplano ng sariling kolektibong pagkilos. Bahagi nito ang pagbubuo ng masasaklaw na mga aliyansa, di lamang sa pagitan ng mga samahan, unyon at pede-

rasyon kundi sa pagitan din ng mga nagtatrabahong mamamayan at mga progresibong sektor, grupo at indibidwal.

Sa punto ng paghahanda sa mga manggagawa para sa pangkalahatang mga welga, pinakamainam na pagsasanay ang naibibigay ng koordinadong mga welga. Napapanday sila sa paglulunsad ng mas komprehensibo't matinding pakikibaka na humihingi ng mas mahusay na pagpapalano, mahigpit na paghawak sa inisyatiba at fleksibilidad sa taktika--gayundin, ng matingkad na diwa ng di pagkamatatay at sakripisyo.

Tulad ng pinatutunayan ng pinakahuling koordinadong mga welga, nagbigaydaan ito sa parami nang paraming welga at papadalas at papalaking mga pampulitikang demonstrasyon laban sa ibayong pasistang panunupil.

Muling tumingkad ang mahaba at mapanghawak na tradisyon sa pakikibaka ng uring manggagawa. Nasa mainam silang pusisyon ngayon para basagin ang pasistang restriksyon at isulong ang kanilang rebolusyonaryong pakikibaka.

Mga industriyang istrategiko

Nitong nakaraang buwan, ilang oras na tumigil sa pag-ikot ang gulong ng industriya sa buong Luzon dahil nagkadiperensya ang pasilidad ng National Power Corporation (NPC) para sa paghahatid ng elektrisidad. Noon ay kasalukuyang nagwewelga ang 10,000 manggagawa ng NPC, subalit di malinaw kung may kinalaman nga sila sa pangyayari. Gayunman, ipinapakita nito ang kahalagahan ng industriya ng elektrisidad sa pagtakbo ng ekonomya ng bayan.

Sa katunayan, isa ito sa kinikilalang mga istrategikong industriya. At dahil sa katangian ng mga ito, ang pag-organisa at pagkilos ng mga manggagawa sa mga istrategikong industriya ay may makabuluhang papel sa pagbibigay ng maririing hambalos at pagpapahina sa rehimen ng US-Marcos.


Anu-ano, kan1-kanino

Itinuturing na istrategiko ang mga industriyang mapagpasya sa pang-araw-araw na pagpapatakbo ng ekonomya at buhay ng lipunan. Ang pangunahing mga industriyang kabilang dito ay iyong sa petrolyo, elektrisidad, bangko, komuni-

kasyon at transportasyon. Ang pagtigil ng aktibidad sa linya ng industriya ng petrolyo at elektrisidad, halimbawa, ay mangangahulugan ng pagtigil ng higit na malaking bahagi ng produksyon, sa transportasyon man ay ganoon din ang epekto dahil hindi makararating ang napakaraming tao sa kanilang lugar ng trabaho, at bukod pa'y matitigil ang daloy ng kalakal. Ang paghinto naman ng operasyon ng mga bangko ay makakaapekto sa mga transaksyon sa negosyo at daloy ng pera. Ang pagkeputol ng komunikasyon ay nakakabalam sa tuluy-tuloy na takbo ng ekonomya at gayundin sa pampulitikang makinarya ng estado.

Ang mga empresa sa mga industriyang ito'y pinakamalalaki sa buong Pilipinas. Noong 1982, ang pinagsama-samang kita ng 138 kumpanyang nasa mga industriyang ito ay halos kalahati ng kabuuang kita ng 1 000 pinakamalalaking kumpanya sa kapuluan. Limang kumpanya ng petrolyo, dalawang kumpanya ng elektrisidad, isang bangko at isang kumpanya ng transportasyong panghimpapawid ang kabilang sa sampung may pinakamalaking kita noon. Ang

KABUWANG KITA NOONG 1982 NG MGA KORPORASYON SA LIMANG ISTRATEHIKONG INDUSTRIYA

	<u>Industriya</u>	<u>Bilang ng Korporasyon</u>	<u>Kabuuang Kita (P-milyon)</u>	<u>Porsyento ng Kabuuan</u>
	Petrolyo ¹	13	48,213	19.1
	Elektrisidad	4	13,515	05.4
	Bangko	65	36,689	14.6
	Komunikasyon	6	2,347	00.9
	Transportasyon ²	50	10,838	04.3
	KABUUAN	138	111,602	44.3
	PINAKAMALALAKING 1,000 KORPORASYON		252,100	
	¹ Kasama ang eksplorasyon, pagmimina at pagrerepina			
	² Kasama ang arastre at iba pa			

kabuuang kita ng siyam na kumpanyang ito ay mahigit sangkapat na ng kabuuang kita ng 1,000 pinakamalalaking kumpanya.

Ang mga malaking kumpanya sa mga istrategikong industriya sa Pilipinas ay pag-sari o nasa kontrol ng monopol-yong kapitalista ng US (at ng Great Britain, sa kaso ng Pilipinas Shell Petroleum), gubyrerno, pangkating Marcos at malalaking burges na kumprador.

Maaari ding ituring na istrategiko ang mga industriyang may malaki-laking konsentrasyon ng mga manggagawa. Kabilang sa kategoryang ito ang industriya ng minahan, tela, kasuotan, elektroniko, kasangkapang de-kuryente, sigarilyo, inumin, at iba pa. Ang bawat isa sa malalaking empresa sa mga industriyang ito ay may di kukulangin sa 1,000 manggagawa at umasbot ng mahigit 6,000, halimbawa sa Atlas Consolidated (minahan), Stanford Microsystems (gumagawa ng pyesang elektroniko o semiconductor) at Gelmart (gumagawa ng damit). Maraming manggagawa ang kailangan para sa maramihang produksyon sa mga industriyang ito, kayat konsentrado ang mga manggagawa dito. Dahil sa dami ng mga manggagawang nasa industriyang ito, mahalaga ang papel nila sa pagpapalakas sa pwersa ng rebolusyon at pagpapahina sa rehimen.

Ang mga produkto ng ilan sa mga industriyang ito ay pang-eksport kayat mahalaga sa rehimen dahil kumikita ng dolyar. Dagdag pa, ang mga minahan ay matatagpuan

sa iba't ibang bahagi ng kapuluan, at sa gayo'y pinagkakakitaan din nang malaki ng lokal na gubyrerno at dito rin umiinog ang kabuhayan ng mga tao.

Ang malalaking kumpanya sa mga industriyang ito ay pag-sari o kontrolado ng mga monopolyong kapitalista ng US at Japan, mga kamag-anak at katoto sa negosyo ni Marcos, at mga malaking burges na kumprador.

Kahalagahan

Ang ating digmang bayan ay isang pakikibakang nilalahukan ng higit na nakaraming mamamayan para ibagsak ang reaksyonaryong estado at kamtin ang kalayaan at demokrasya. Sa kanayunan, ang pangunahing pwersa sa pakikibakang ito ay ang magsasaka. Sa kalunsuran naman, binabalikat ng manggagawa, kasama ang ibang demokratikong uri at sektor, ang pagpupunyaging ito.

Ang kolektibong pampulitika't pang-ekonomyang pakikibaka laban sa dayuhang monopolyong kapitalista at malalaking burges na kumprador, at laluna laban sa pangkating US-Marcos, ang pangunahing anyo ng pagkilos ng masang manggagawa sa pagpapasulong ng digmang bayan. Susi dito ang rebolusyonaryong pagkilos sa mga istrategikong industriya.

Dahil mahigpit ang pagmamamnan ng diktadurang US-Marcos sa mga istrategikong industriya, napakahirap ng mga kalagayan para sa pag-organisa, kahit sa antas ng pag-uunyon. Bawal magwela

sa mga industriyang ito na tuwirang hawak ng rehimen, at ang karamihan sa mga unyon dito ay dilawan.

Gayundam, matindi ang pagsasamantala at pang-aapi sa karamihan ng mga manggagawang nasa istrategikong industriya, laluna sa mga empresang nagmamamupaktura ng mga pang-eksport na produkto, tulad ng kasuotan at pyesang elektroniko. Ang kalagayang ito ang nagtutulak sa mga manggagawa na magprotesta at magwelga.

Nitong nakaraang ilang taon, paparaming empresang kabilang sa istrategikong industriya ay pinagwelgahan ng mga manggagawa. Tampak dito ang mga welga sa mga kumpanya ng tela at kasuotan. Noong 1981, may naiulat na 65 welga ng mahigit 30,000 manggagawa sa malaki't maliit na kumpanya ng tela at kasuotan. (Noong taong iyon, mahigit 100,000 manggagawa ang naglunsad ng di kukulangin sa 260 welga.)

Sa mga empresang may malaking konsentrasyon ng manggagawa, ang pakikibaka nila'y nagkakaroon ng ibayong kabuluhan. Karaniwan, ang may-ari ng ganitong mga kumpanya ay malaking kapitalista, kundi man kabilang sa pangkating Marcos o dayuhang kapitalista. Nasa likod nila ang suporta ng rehimen, kayat pwede nilang pagmatigasan ang mga manggagawa. Sa kabilang banda, mahalaga para sa mga manggagawa ang mahigpit na pagkakaisa at determinasyon para maipagtagumpay ang ipinaglalaman nila. Sa gayon, ang welga ay nagiging isang maliit na larangan ng labanan ng manggagawa at kapitalista, at ito'y mistulang paaralan din na nagmumulat sa manggagawa hinggil sa katangian ng lipunan at tunggalian ng mga uri.

Ang tagumpay ng pakikibaka ng mga manggagawa dito, laluna ng mahihirap na pakikibaka, ay nagpapasigla, nag-eeduká at nagsisilbing inspirasyon sa ibang manggagawa. Isa pa, malaking karagdagan ang mga manggagawa dito sa rebolusyonaryong hanay kung sila'y maiimpluwensyahan at maorganisa para sa pambansa-demokratikong kilusan.

Kung di lang manggagawa ng isang malaking empresa, kundi lahat o karamihan ng manggagawa sa isang linya ng industriya ang makapagbubuklod, mas maunlad at mas mahigpit na pagkakaisa ang nabubuo sa hanay nila. Ang pagkakaisang ito'y batay sa mga pakikibakang magsusulong sa interes ng mga manggagawa na partikular para sa kalagayang umiiral sa ganoong linya ng industriya.

Bagamat may kahirapan pang magkamit ng malaki-laking tagumpay sa pag-oorganisa sa mga industriyang ito, kinikilala natin ang pangangailangang magtanim dito ng mga rebolusyonaryong kadre, at sa kalaunan, ng pag-oorganisa ng rebolusyonaryong pwersa dito. Bilang paghahanda, kailangang gumawa ng panlipunang pagsisiyasat at batay dito'y gumawa ng plano sa pag-oorganisa at pagpapakilos ng mga manggagawa.

Kahit hindi muna makapaglunsad ng hayag na kilusan sa loob ng madaling panahon, pwedeng mag-organisa nang lihim sa hanay ng mga manggagawa at propesyunal sa mga empresang kabilang dito.

Ngayong bumibilang ng milyon ang mga mamamayang napupukaw at nagpoprotesta sa diktadurang US-Marcos, napakainam ng pagkakataon para igiya sa rebolusyonaryong landas ang pagkilos ng mga manggagawa at mga propesyunal na nasa mga istrategikong industriya.



Tulad ng armadong pakikibaka sa kanayunan, ang rebolusyonaryong pagpupunyagi sa kalunsuran ay matagagan din. Sa loob ng mahabang panahong ito ng pagpupunyagi, ang rebolusyonaryong pagkilos-hayag at lihim, ligal at iligal--ng mga manggagawa sa mga istrategikong industriya ang magbibigay ng malalakas na hambalo sa diktadura sa kalunsuran hanggang sa bisperas ng ganap na tagumpay ng digmang bayan.

Patakarang panlabas

Patakaran ng dayuhan

Ang patakarang panlabas ng isang bayan ang nagtatakda sa pampulitika, pang-ekonomya, militar at pangkulturang relasyon nito sa ibang bayan at sa pandaigdigang komunidad. Dapat katawanin nito ang mga pambansang layunin at interes, at salaminin ang soberanya't kasarinlan ng sambayanan.

Taliwas sa pamantayang ito ang patakarang panlabas ng rehimeng Marcos. Imbis na patakaran ng pakikitungo sa labas ng bansa, ito ay literal na nagmumula sa labas: idinidikta ng dayuhang interes at dayuhan sa interes ng sambayanang Pilipino. Ang saligang katangian nito'y kolonyal at anti-nasyunal.

Di maihihiwalay ang patakarang panlabas sa panloob na kaayusan ng lipunan. Di magkakaroon ng saligang pagbabago sa kolonyal na katangian ng patakarang panlabas ng Pilipinas hanggat ang lipunang Pilipino ay dominado ng imperyalismo. Sa gayong batayan, ang "makabayang" patakarang panlabas na ipinangangalandakan ng rehimen ay palsipikado.

Kailanman ay di ang pambansang interes ang naging pamantayan ng patakarang panlabas ng mga papet na rehimen sa Pilipinas. Ang pagaisiping ng mga makauring interes ng mga dayuhan at katutubong reaksyonaryo ang nagluluwal at humuhubog sa kolonyal na patakarang panlabas na instrumento ng kanilang paghahari.

Ang saligang interes ng imperyalismong US ay panatilihing malakolonyal ang Pilipinas para sa pang-ekonomyang pagsasamantala at para gamiting baseng militar at pampulitika ng kapangyarihan nito sa Asya-Pasipiko. Para sa pangkating Marcos, likas na nakasuso sa imperyalistang interes ang makauring interes nito bilang pangkatin ng malalaking burgesyang kumprador at panginoong maylupa. Nagpapakapapet ang pangkatin sa patakarang panlabas para matiyak ang suporta ng US at manatili sa poder. Ito ang esensyal na kahulugan ng "ispesyal na relasyon" ng Pilipinas at US na pundasyon ng patakarang panlabas ng rehimen.

"Ispesyal na relasyon"

Mahigpit na nakaangkla ang patakarang panlabas ng papet na republika sa tinaguriang "ispesyal na relasyon" na walang iba kundi ang kolonyal na relasyon. Walang ibang "ispesyal na relasyon" ang Pilipinas kundi sa US, na siyang nagtatakda sa patakarang panlabas ng mga papet na rehimen. Ang relasyon sa Japan, halimbawa, na kanang-kamay ng US sa Asya, ay nakapailalim sa "ispesyal na relasyong" ito.

Sa ngalan ng "ispesyal na relasyong" ito, ang ekonomya ng Pilipinas ay sinakop ng dayuhang kapital sa pamamagitan ng Susog-Pariti at binansot sa pamamagitan ng Kasunduang Laurel-Langley, at kinampuhan ng dayuhang hukbo ang teritoryo ng Pilipinas sa pamamagitan ng Kasunduan sa mga Baseng Militar. Ang mga papet na rehimen ay tumayong mga pusakal na ahente ng antikomunista't imperyalistang patakarang panlabas ng US. Naging boses sila ng imperyalismong US sa Asya at tagatambol nito sa bulwagan ng Mga Bansa ng Nagkakaisa (UN).

Pagkaluklok ng pangkating Marcos sa poder, lalo na nang itatag ang pasistang diktadura, sinagad nito ang kolonyal na tradisyon ng patakarang panlabas ng papet na republika. Hindi lang ito pinakabentog sa kasaysayan ng Pilipinas dahil sa tiraniya nito sa pulitika at pahamak na mga patakaran sa ekonomya, kundi dahil din sa pagkapapet sa "ispesyal na relasyon" sa imperyalismong US. Ang tinatawag nitong "Bagong Pilipinong Patakarang Panlabas" ay walang iba kundi ang luma na ginawang mas masahol.

Pagismo at patakarang panlabas

Bago ideklara ang batas militar noong 1972, papatapos na ang bisa ng Kasunduang Laurel-Langley at umaalingawngaw sa buong bansa ang pagtutol sa Susog-Pariti at Kasunduan sa mga Baseng Militar. Lumalakas ang kilusang anti-imperyalista at antipyudal sa buong kapuluan. Papatindi ang krisis ng imperyalismo sa mundo. Para ganap na protektahan ang "ispesyal na relasyon," mapagpasyang humakbang ang pangkating US-Marcos.

Ito'y ang pagtatatag ng pasistang diktadura. Kabilang sa mga tiniyak nito ang pagpapatuloy ng "ispesyal na relasyon" ng US sa Pilipinas bilang pundasyon ng patakarang panlabas ng rehimen.

Sa basbas ng sariling Konstitusyon, sinolo ni Marcos ang ganap na kapangyarihang gumawa ng mga batas at patakaran, at pumasok sa mga tratado at kasunduang internasyonal, na dating kailangang sangayunan ng Kongreso. Inaprubahan niya ang US-RP Trade Agreement bilang kapalit ng Kasunduang Laurel-Lengley. Gayundin ang Tratadong RP-Hapon, na binara noon ng Kongreso. Mag-isa niyang pinagpasyahan ang pananatili ng mga baseng imperyalista ng US sa Pilipinas, sa panapanahong negosasyon kaugnay ng takbo ng Kasunduan sa mga Baseng Militar.

Posturang makabayang

Sa pandaigdigang buhagan, binabalutan ng rehimen ang kolonyal na patakarang panlabas nito ng mga "independyente" at "nyutral" na mga deklarasyon.

Baghahambog ang rehimen na "lumawak na" ang relasyong panlabas ng Pilipinas, lalo na sa Japan at Kanlurang Europa, na tanda raw ng pagkalansag ng dominasyong US sa Pilipinas. Ito ang tinatawag nilang "diplomasyang pangkaunlaran," na sa esensya'y pagpapalawak ng relasyon sa pandaigdigang burgesya at pagpapalawak ng imperyalistang pagsasamantala sa Pilipinas.

Ang saligang katotohanan ay hanggang sa ngayon, matatag ang dominasyon ng US sa ekonomya, pulitika, militar, kultura at patakarang panlabas ng Pilipinas. Ang paglaki ng pamumuhunan at kalakalan ng ibang bayan sa Pilipinas ay di tumitinag sa dominasyong ito. Bagkus, naga-


gamit ng US ang mas malapit na pakikipag-ugnayan ng rehimen sa ibang imperyalistang bayan, lalo na sa Japan, para mapahigpit ang kanilang pandaigdigang alyansang anti-Soviet Union at anti-komunista. Pakinabang din para sa US na ang mga bayang ito'y maobligang tumulong sa pangangalaga ng kabuuang imperyalistang interes sa Pilipinas dahil malaki-laki na rin ang nakataya nilang interes.

Inasahan naman ng pangkating Marcos na makatulong ang ibang bayang imperyalista para maibsan ang krisis sa ekonomya ng bansa, mapalawak ang sososyuhang negosyo, at madagdagan ang suportang pampulitika para sa pasistang paghahari.

Ang pagbubukas ng relasyon sa mga sosyalistang bayan ay ginagamit ng rehimen para ilayo ang pansin mula sa paglawak ng imperyalistang pagsasamantala sa Pilipinas. Ngunit ang pakikipagkalakalan sa mga ito, gayong nagdudulot ng malinaw na bentahe, ay hindi umaabot sa tatlong porsyento ng kabuuang kalakalang panlabas ng Pilipinas. Ito'y dahil sa mga restriksyong itinatakda ng imperyalismong US. Katunayan, may upisyal na direktiba ang Ministri sa Relasyong Panlabas na nagbababala tungkol sa pakikipagsosyo ng mga Pilipino sa mga sosyalistang bayan lalo na sa pangangisda, transportasyong dagat, at iba pa.

Nagsisilbi rin sa mga layuning anti-komunista ng rehimen ang relasyon sa mga bayang sosyalista. Ang relasyong diplomatiko ay kinakasangkapan nito para sagkaan ang suporta nila sa rebolusyong Pilipino. Ang mga embahada ng Pilipinas sa mga bayang ito ay tinatambakan ng mga taong militar alinsunod sa pangangailangan sa paniniktik ng US; isang halimbawa lamang si Hen. Fortunato Abat na kasalukuyang embahador sa China. Sinasamantala rin ng rehimen ang liberal na patakaran ng mga bayang sosyalista sa mga guberno sa mga malakolonya (halimbawa'y gurang langis mula sa China). Anuman ang maliit na kalakalan sa mga bayang ito ay kinokontrol pa ng mga membro ng pangkating Marcos tulad nina Benjamin Romualdez at Eduardo Cojuangco.

Ipinagmamalaki ng rehimen ang pagsisikap daw nito na gawing "sona ng kapayapaan, nyutralidad at kalayaan" ang Timog-silangang Asya, at tutol daw itong gawing alyansang militar ang Asosasyon ng mga Bansa sa Timog-silangang Asya (ASEAN). Makapal ang mukha ni Marcos



na nagsalita tungkol sa nyutralidad at kapayapaan gayong kinakupkop niya ang mga baseng militar ng US, na lunsaran ng agresyong imperyalista sa Asya-Pasipiko. Dahil sa mga baseng ito, di na nga kailangang maging lantad na alyansang militar ang ASEAN. Saka, siya na rin ang nagsabing umiiral pa ang Manila Pact ng 1954, na isang alyansang militar sa rehiyon.

Ang hungkag na mga pananalitang ito ni Marcos ay bumibigo sa pagtatangka ng kanyang rehimen na makapuskil sa Kilusan ng mga Bayang Walang Kinikilingan. Dahil bistado ng mga bayang ito na impiltrador siyang ipinadala ng imperyalismong US, paulit-ulit nilang sinusupalpal ang kanyang aplikasyong maging myembro nito, at ang pananatili ng mga baseng militar sa Pilipinas ang prinsipal na dahilan.


May partikular na pagpapahalaga ang rehimen sa relasyon sa mga bayang Arabe. Ang pinag-iinteresang nito ay ang pag-import ng langis, pag-eksport ng manggagawang Pilipino, at ang usaping Moro sa Mindanaw. Dahil dito, napipilitan ang rehimen na itaguyod sa salita ang mga bayang Arabe at mga karapatan ng sambayanang Palestino, habang pinangililagang galitin ang Israel, na kaaway nila at kanang kamay ng US sa Gitnang Silangan.

Sa Mga Bansa ng Nagkakaisa (UN) at mga kumperensyang internasyonal tulad ng UNCTAD, mahilig ang rehimen na magpasiklab sa mga pangkalahatang deklarasyon ng prinsipyo na ito na rin ang bumabas-

tos pagdating ng mga kongkretong usapin na mahigpit na nasasangkot ang interes ng US.

Umaangkas ang rehimen sa mga pangkalahatang pagtatikos sa kolonyalismo. Ngunit hindi nito nagawang kondanahin ang US sa pagsalakay sa Grenada kayat nag-abstine na lang sa botohan sa pangkalahatang assemblya ng UN. Nakiuso ito sa kunwa'y pagrespeto sa karapatang-tao. Ngunit di ito sumang-ayon nang magbotohan sa UN para kondanahin ang paglabag dito sa Guatemala, El Salvador at Chile, at mangyari pa'y kumampi sa mga papet na pasistang rehimen sa mga bayang iyon. Sa mga isyung nukleyar, nag-abstine ito kapag nakasalang ang pusisyon ng amo, tulad ng sa botohan para ipagbawal ang bombang nyutron, para huwag gamitin ang armas nukleyar at pigilan ang digmaang nukleyar, at para ipagbawal ang mga armas na kemikal at demikrobyo.

Ang problema'y mismo ang mga imperyalista ang nakakapagbisto sa mga pagpapanggap ng rehimen. Nang tasahin ng Kagawarang Panlabas ng US ang katapatan ng mga papet at alyado sa mga botohan sa UN, nabulgar ang tunay na rekord ng rehimen. Sa lahat ng bayan sa Timog-silangang Asya, lumabas na ito ang numero uno sa pagsuporta sa patakarang panlabas ng US. Sa 41 bayan sa Asya-Pasipiko, pumapang-anim ang rehimen (kasunod ang Japan) sa mga may pinakamataas ang marka sa "pagsubok sa katapatan" na ginawa ng US. Walang iinam pang katibayan sa pagkapapet ng patakarang panlabas ng rehimen ng Marcos kundi ang mismong papuri ng imperyalismo.





Sa kanila ang kinabukasang ipinaglalaman

"Marami ring trabaho sa baryo ang kabataan," pahayag ni Ka Linda. "At di maasikaso nang husto ang mga ito kung di kami organisado, dahil bahagi na ng larangang gerilya ang baryo namin at may mahalaga kaming papel sa kabuuang rebolusyonaryong pagsisikap dito."

Kabilang ang 17 anyos na si Ka Linda sa rebolusyonaryong samahan ng kabataan sa kanilang baryo sa Samar. Ang sektor ng kabataan ay ispesyal na grupong panlipunan na tumatagos sa lahat ng uri sa lipunang Filipino at bumubuo ng malaking porsyento sa populasyon ng bansa. Mula sa edad na 12 anyos, taglay ng kabataan ang kasibulan ng lakas ng katawan, ang kasabikang matuto at kasiglahang sumuong sa bagong mga karanasan, nang may kahandaang yumakap sa rebolusyonaryong mithiin. Dahil wala pang mga pamilyang binubuhay, mas malaki ang kanilang panahon at kalayaang ibuhos ang kakayahang ito, ang buo nilang lakas at atensyon, sa pagsusulong ng mga rebolusyonaryong gawain.

Sa mga larangang gerilya ng Bagong Hukbong Bayan, ang kabataan, na karamiha'y kabilang sa mga pamilya ng magsasaka at manggagawang bukid, ay minumulat, pinakikilos at binibigkis ng Samahan ng Kabataang Makabayan. Kaiba sa sektor

ng kabataang istudyante sa mga kalunsuran, at tulad naman ng sektor ng kababaihan sa kanayunan, ang kabataan sa baryo ay bahagi ng rebolusyonaryong kilusang magsasaka. Malaking suporta sila sa mga balangay ng Samahan ng Makabayang Magsasaka (SNM) sa pagsusulong ng limang tungkulin ngayon ng kilusang ito [AB, Hulyo 1983].

Nakapaloob din sa pakikibakang anti-pyudal sa kanayunan ang pagbubuwag sa mga relasyong pyudal sa loob ng pamilya at ito'y napapadali kapag ang kabataan at kanilang mga magulang ay sama-sama sa pakikibaka.

Kalagayan ng kabataan

"Kung papayagang magpatuloy na lang nang ganito ang ating lipunan," ani Ka Linda, "talagang napakadilim na kinabukasan ang nakakaharap naming mga kabataan." Sa ngayon pa lamang ay nasa hulihan na ng priyoridad ng diktadurang US-Marcos ang kapakanan ng kabataan. Maraming bata sa baryo nina Ka Linda ang namamatay nang di man lamang nakapagpatingin ni minsan sa duktor, at wala ni isa sa pamilya nila ang nakatapos man lang ng elementarya. At tunay ngang sa desperasyon sa pang-ekonomya at pampulitikang krisis ay walang-kurep na isipasangla ng rehimen ang kinabukasan ng bayan na sadyang para sa kabataan ng kasalukuyan.

Babang lumalaki ang pangangailangang tumulong ang kabataan sa kanilang mga magulang sa paghahanapbuhay, napakaliit

naman ng mga oportunidad para rito. "Natu-
tulak tuloy kami na tanggapin ang napa-
kaliit na bayad para sa mabibigat na
trabaho sa bukid. Marami nga ang naakit
makipagsapalaran sa ayudad," wika ni
Ka Linda, sabay pukol ng malungkot na
tingin sa malayo. "Iyun ngang pinsan
kong nakaabot sa Maynila, masahol pang
kaapihan ang dinanas. Pero syempre,
nang makauwi siya rito'y di niya ikin-
wentong lahat kina Tiyang!"

Pagkilos

"Tatay ko ang unang nagsulat sa 'ming
magkakapatid,' kwento pa ni Ka Linda.
"May mga tungkulin na siya noon sa milisya
natin sa baryo." Sa mga usapan sa bahay
nagsisimulang magkainteres at matuto
ang maraming kabataan tungkol sa rebo-
lusion. Pagkaraan ng ilang panahon, bini-
bigyan sila ng paipa-isang atas, at pag-
katapos ay isinasali na sa mga grupong
pang-organisa na hinubuo para sistema-
tikong harapin ang pagmamobilisa at pag-
oorganisa sa kanilang sektor.



Sinabi ni Ka Linda na ang kanilang
samahan ay nagpanyagi sa maraming impor-
tanteng gawaing kaugnay ng pangkalahatang
pagpapasulong sa rebolusyonaryong kilusan sa
lugar. "Madalas kaming magpulong para
pag-usapan kung ano ang gagawin, 'tsaka
kung p'ano gagawin, at kung sinu-sino
ang nakatakdang gumawa. Bumubuo kami
ng mga pangkat at komite para sa iba't
ibang atas, at inililista namin ang mga
gawain para di magulo--sa propaganda,
sa edukasyon, sa produksyon, sa militar,
lahat ng trabaho namin."

Malaki ang responsibilidad ng sektor
ng kabataan sa pagpapalaganap ng rebo-
lusionaryong kaisipan sa buong baryo.
Mahalagang pwersa rin sila sa pagpapala-
ganap ng rebolusyonaryong sining at pani-
tikan. Pangkat-pangkat silang nagbabahay-
bahay para sa mga pampulitikang talakayan
at impormal na mga pagtatanghal, laluna
kapag may mga kampanyang pampulitika.

Para maging mahusay sa gawaing ito, pus-
pusan silang nag-aaral--nagtatalakayan
tungkol sa pangkalahatang mga prinsipyo't
lina, at nagpapalitan ng impormasyon
para maging buhay at kongkreto ang kani-
lang mga paliwanag; kinakabisa rin nila
ang mga rebolusyonaryong awit at tula
at nagsisikap na mag-ambag ng mga sarili
nilang likha.

Sa pamamagitan ng pagtataguyod sa
rebolusyonaryong kultura, nakokontra
ng kabataan ang malakas na impluwensiya
sa kanila ng pyudal na kultura at burges
na kultura--ang pyudal na kulturang nag-
didiin sa bulag na pagsunod sa awtoridad,
at ang burges na kulturang pinadadaloy
sa komersyal na masmidya at nagdadala
ng mga dekadenteng ideya.

"Tumutulong kami sa pagtuturo ng pag-
babasa, pagsusulat at pagkekwenta doon
sa mga kababaryo naming di nakapag-aral.
Nagkakahiyaan pa nga n'ong umpisa dahil
mas matanda sa amin ang ilan sa kanila!"
May mga tungkulin din sina Ka Linda sa
pangangalaga sa kalusugan ng kanilang
mga kababaryo, laluna sa pamamagitan
ng mga kampanyang pangkalinisan at mga
aktibidad na pampalakasan.

Bahagi ng gawain nila sa kilusang
magsasaka, ang lumahok nang aktibo sa
mga pakikibakang antipyudal, mula sa
pagsisiyasat at pagpapalano, hanggang
sa pakikipagharap sa mga panginoong may-
lupa. "Marami kaming natututunan sa mga
magulang naming magsasaka at manggaga-
wang bukid," ani Ka Linda, "at malaki
rin daw ang aktwal na naitutulong namin
sa kanila sa ganitong mga pakikibaka."
Mangyari pa, ang pakikibakang antipyudal
ay mahigpit na ikinakawing ng kilusang
magsasaka sa kilusang antipasista at
anti-imperyalista, at kalahok dito ang
kabataan.

'Boykot!', pagsampa

Ngayon ay abala ang mga samahan ng
kabataan sa mga baryo ng Samar, kasama
ng iba pang rebolusyonaryo at antidikta-
durang mga pwersa sa isla, sa pursigi-
dong pagkakampanyang iboykot ang darating
na "eleksyon." Lumilitaw ngang mga
musmos sa pulitika ang mga beteranong
pulitikong naggugumiit ng paninindigang
partisipasyon, sa harap ng malinaw na
kawastuan ng boykot na sapul na sapul
kahit ng dihamak na mas bata pa kay Ka
Linda.

Samantala, higit pang dumarami ang
kabataan sa kanayunan na nagboboluntaryo
at aktwal nang naghahandang sumampa sa
mga yunit gerilya ng Bagong Hukbong Ba-
yan. Nagmamaman sila sa kaaway, nagha-

hatid ng suplay at komunikasyon, sumasama sa patrulya ng milisya, at kahit sa ilang piling taktikal na operasyon ng BHB. Karamihan sa mga Pulang mandirigma natin ay nasa kasibulan ng kabataan o katatawid pa lamang nito.

Mulat na iniiwasan ng rebolusyonaryong kabataan sa kanayunan ang maagang pag-aasawa upang mas matagal silang malibre sa obligasyon ng pagpapamilya. "Sa dami ng katlahang asikasuhin, tala-gang di basta-basta pumapasok sa isip namin ang mga ligaw-ligawan. Saryosong usapin ang pag-aasawa!" Kinikilala naman ng mga magulang nila--na mulat din sa

mga prinsipyong rebolusyonaryo, ang karapatan nilang piliin ang katuwang at panahon sa pag-aasawa, at itinataguyod ang patuloy nilang pagkilos sa rebolusyon.

"Sa inyo ang kinabukasan," wika ni Kasamang Mao sa kabataan. "Masasabing sa amin din, ngunit kung tutuusi'y sadyang sa inyo." Kinikilala ng kabataan sa kanayunan at kalunsuran ang katotohanang ito. Sina Ka Linda ay kabalikat ng nakataandang mga kasama sa malaking responsibilidad at pagsisikap na ang Kinabukasang hinaharap nila ay maging maayos at maaliwalas. #

Panlipunang pagsisiyasat

Nang bisitahin ni Ka Mino ang pinsan niyang si Pepe, parang kay tagal na nilang hindi nagkikita, bagamat dadalawang taon pa lamang ang nakakalipas mula nang nangibang-baryo si Pepe pagka-asawa niya. Masigla ang kwentuhan ng magpinsan, lalo't may pagkomausisa si Ka Mino hinggil sa kabuhayan ni Pepe at ng kanyang kababaryo at hinggil sa kalagayan ng baryo.

Si Ka Mino ay myemoro ng pangkat sa ekspansyon ng isang pandistritong komite ng Partido, at sinadya niyang puntahan ang kanyang pinsan para alamin ang kalagayan sa baryong nilipatan nito. Sa pakikipagkwentuhan kay Pepe, gumagawa si Ka Mino ng panimulang panlipunang pagsisiyasat bilang paghahanda sa pagmomobilisa at pag-organisa ng rebolusyonaryong pwersa doon.

Saklaw at kahalagahan

Karaniwang isinasagawa ang ganitong pagsisiyasat ng kalagayan sa isang lugar--baryo, komunidad, pabrika, iskuela--para ihanda o simulan ang pagkilos doon. Maaring ito'y kaugnay ng kampanyang ibaba ang upa sa lupa sa baryo; sa pabrika, ito'y unang hakbang sa pagtatayo ng unyon; at sa iskuela, maaring nakatuon ito sa paghahandang maglunsad ng welga ng mga titser o boykot ng istudyante.

Sa pagbwelo naman ng rebolusyonaryong kilusang masa sa isang lugar, ipinagpatuloy pa rin ang panlipunang pagsisiyasat. Dito ibinabatay ang pagbubuo o pagsasaayos ng oryentasyon, programa at patakaran para maisulong pa ang rebolusyonaryong kilusan sa kinaukulang lugar. Para dito, ang panlipunang pagsisiyasat ay maaring sumaklaw sa

mas malaking erya, tulad ng distrito, probinsya o rehiyon, o kaya'y maging pambansa o sektoral ang saklaw. Batay din sa pangangailangan ng sumusulong na gawain, may kaukulang pagpapalalim sa mga nagawa nang pagsisiyasat.

Halimbawa, bago ilunsad ang isang kampanya para sa hayagang pagbababa ng upa sa lupa, kailangan ang datos sa tindi ng pagsasamantala sa mga magkasaka, antas nila sa pulitika, at katangian ng mga panginoong maylupa sa iba't ibang baryo para malaman kung saan unang itutuon ang hayagang kumprontasyon sa aling panginoong maylupa.

Ang pagsisiyasat sa kalagayang pang-ekonomya ang karaniwang gawain sa mga teritoryo at sektor sa ngayon. Saklaw nito ang pagsusuri sa uri at imbistigasyon sa problema ng mga tao, pangunahin na kung paano at gaano sila pinagsasamantalahan.

Mayroon na ring mga panimulang pagsisiyasat sa mga usaping may partikular na katangiang pampulitika. Sa esensya, ang inaalam natin dito ay ang balanse ng pwersa sa lugar, ang kakayahan, khalakan at kahinaan ng rebolusyonaryong pwersa at gayundin ng kaaway. Halimbawa, kailangan nating alamin kung may mga lokal na despotiko ang lumalaban sa rehimen; o kaya, kung paano pakikitunguhan ang isang lokal na sektang relihiyoso. Samantala, kulang na kulang pa ang pagsisiyasat sa kalagayang pangkultura, halimbawa, hinggil sa antas ng kultura ng mamamayan, mga kostumbre't tradisyon nila, kasaysayan nila sa rebolusyonaryong pakikibaka.

Patnubay

Sa pagsasagawa ng panlipunang pagsisiyasat, ang ginagamit nating patnubay ay ang rebolusyonaryong pananaw, paninindigan at paraan ayon sa materyal na dyalektiko at istoriko. Kaya natin itinuturing ito na importanteng bahagi ng konsolidasyon sa ideolohiya ng Partido.

Ang panlipunang pagsisiyasat ay kongkretong pagsusuri sa kongkretong kalagayan. Layunin natin makamit ang komprehensibo, lahatang-panig at malalim na pag-unawa sa kalagayan. Bukod pa, tinatansaw natin na ang anumang kalagayan sa kasalukuyan ay bahagi ng isang pangkasaysayang proseso, kayat inuugat natin ito sa nakaraan.

Susing aralin sa panlipunang pagsisiyasat ang pagkilala sa mga uring umiiral at ang eksaktong pagtukoy sa paraan ng ugnayan nila sa isa't isa. Di lang kalagayan ng mga anakpawis ang ating inaalam kundi gayundin ng katunggaling mga uri at panggitnang mga uri; di lang ang esensyal na ugnayang itinatakda ng kanilang rela-relasyon sa loob ng umiiral na sistema ng produksyon, kundi ang kaakibat nitong mga ugnayan sa pulitika, militar at kultura.

Di tulad ng burges na pananaliksik--na kunwari'y wala raw pinagsisilbihang makauring interes--tahasan nating pinaninindigan na ang layunin natin sa pagsasagawa ng mga syentipikong pagsusuri, kabilang ang panlipunang pagsisiyasat, ay upang maisulong ang interes ng anakpawis at ng rebolusyon. Nais nating mapalitaw ang obhetibong katotohanan tungkol sa isang lipunan o bahagi ng isang lipunan para eksaktong matukoy ang mga pwersa, institusyon, tunguhin at iba pa na makapagpapasulong sa interes ng mamamayan at rebolusyon, gayundin ang mga pwersa, institusyon, tunguhin at iba pa na dapat nyutralisahan o gapiin dahil kontra sa interes ng mamamayan at rebolusyon. Samakatwid, ang ating pagsisiyasat ay nagsisilbi sa aktwal at praktikal na pagrerebolusyon.

Pamamaraan

Ang panlipunang pagsisiyasat na kinakailangang gawin ngayon para isulong pa ang rebolusyonaryong pagkilos ay di na lang ang simpleng pag-alam sa mga kaibigan at kaaway sa saklaw ng isang o ilang baryo, pabrika, komunidad o iskuela. Ang pagkasimple ng mga

Mga Hakbang sa Pagsisiyasat



imbistigasyon noon ay itinakda ng mas mababang antas ng pagkilos ng mga SYP, halimbawa, o ng mga pangkat ng organisador.

Sa kasalukuyan at laluna sa hinaharap, kakailanganin natin ang mas kumpleto't mas malalim na mga pagsusuri sa kalagayan, dahil na rin sa mas abante't komplikadong mga gawain sa pamumuno sa rebolusyonaryong kilusang masa. Lalo ring nagiging mahigpit ang ganitong pangangailangan dahil ang kinakaharap na ng mga komite ng Partido ay mga problemang nakabase sa partikularidad ng iba't ibang sitwasyon, na di na sapat na maangkupan ng pangkalahatang mga oryentasyon at patakaran.

Gayunman, ang laging pinagsisimulan ng panlipunang pagsisiyasat ay ang gabay ng nauna nang mga paglililinaw, dokumento at laluna ng mga batayang akdang tulad ng Lipunan at Rebolusyong Pilipino, "Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan," "Ang Mahigpit

Nating mga Tungkulin." Rebolusyonaryong Gabay sa Reporma sa Lupa, at Batayang Kurso ng Partido. Ang mga ito ang nagbibigay ng pangkalahatang balangkas na kapapalocoban ng mga partikular na pagsisiyasat. Ipapakita naman ng resulta ng pagsisiyasat kung paano lumalapad--o hindi lumalapad--sa aktwal na kalagayan ang mga nakasagat sa mga akdang teoretikal. Bunga nito--basta wasto ang pagsusuri--napapayaman ang pag-unawa natin sa teorya; at ang teorya mismo ay napapalalin at napapayaman.

Bago isagawa ang aktwal na panlipunang pagsisiyasat, kailangan munang makapagbuo ng plano o maiprograma ito. Kabilang sa pagpapalano ang pagtakda ng sapat na panahon para sa pag-iisip at eskwela sa lugar. Kung malaki ang eskwela sa lugar, itinatagda rin ang lugar o ilang lugar na dapat pagtuunan ng mas masusing pagsisiyasat. Batay sa pangkalahatang kaalaman at panimulang pagsisiyasat, pinagtutuunan ang isa o ilang lugar dahil may pagsusuri na tipikal ito, o kaya'y ito ang gagawing unang target ng isang kampanya ng pakikibakang masa.

Alinsunod sa mga partikular na plano, ang aktwal na pagsisiyasat ay isinagawa sa iba't ibang paraan. Ang karaniwan dito ay ang sarbey, pulong-pagsisiyasat, at interbyu sa mga indibidwal na may mayamang karanasan.

Ang sarbey ay kadalasang ginagamit sa pagsisiyasat sa kalagayang pang-ekonomya, lalo't kung malawak ang pagsisiyating lugar. Para dito, kailangan ang isang listahan ng mga katanungan. Halimbawa, sa pagsisiyasat sa batayang kalagayan sa kanayunan, ang mga tanong ay itinuon sa pag-iiba-iba ng mga uri, paraan ng produksyon, at anyo ng pagsasamantala. Sa gayon, sa pagbuo ng mga tanong inaalam natin ang kongkretong sitwasyon ng bawat uri, paano pinagsasamentalan ang mga magsasaka, ano-ano ang kanilang pangunahing problema at gayundin ang iba pang problema sa kabuhatan, pulitika, edukasyon, kalusugan, at iba pa.

Ang mga tanong ay dapat presiso at hindi masyadong pangkalahatan, dapat ding isapalang-alang ang lenggwage nito. Ibig sabihin, nakaugnay ang mga ito sa

kongkretong karanasan ng mga sasagot sa tanong. Halimbawa, hindi basta itinatanong kung paano pinagsasamentalan ang isang magsasaka sa siyugan, o kung paano siya binibiktima ng pag-uusura. Kundi, dapat tanungin kung ang upa sa lupa ay nasa anyo ng pormilan o tersyohan, o kung ang usura ba'y takipang o 5/6.

Ang mga pulong-pagsisiyasat naman ay mas karaniwang idinadaos sa pagsisiyasat ng kalagayang pampolitika. Dito, sapat na ang hanggang anim na tao na kinabibilangan ng kadre, aktibista at ordinaryong tao. Bagamat hindi kailangan ang ditayadong listahan ng mga tanong para dito, dapat ding may balangkas ng mga paksang tatakalayin. Maari ding kausapin ang mga indibidwal na may mayamang karanasan para naihahambing sa kasalukuyang kalagayan ang mga kalagayan at pangyayari noong nakaraan at sa ibang lugar.

Ang datos na nakuha sa pagsisiyasat ay tinitipon at sinusuri para makabuo ng kongklusyon hinggil sa kalagayan at tunguhin sa pagsisiyasat sa lugar. Sa pagsusuri at pagbuo ng kongklusyon hinggil sa kalagayan sa masaklaw na lugar, tulad ng probinsya o rehiyon, mainam din kung makakapagdaos ng isang kumperensya para dito. Halimbawa nito ang idinaos na kumperensya sa Gitnang Luzon hinggil sa katangian ng produktong agrikultural sa rehiyon at oryentasyon ng kilusang magsasaka doon (AB, Pebrero 1984). Ang pinagbatayan ng talakayan ay ang mga panlipunang pagsisiyasat sa mga bayan sa rehiyon at mula dito'y itinakda ang oryentasyon ng pagpapatupad ng rebolusyong agraryo doon.

Subalit ang panlipunang pagsisiyasat ay hindi natatapos sa pagtatakda ng oryentasyon, programa at patakaran sa isang lugar. Ang mga kalagayan ay laging nagbabago, kayat kailangang subaybayan ang mga pagbabago at gayundin ang epekto ng mga patakaran natin sa iba't ibang lugar. At habang dumarami at bumibigat ang mga tungkulin sa pagpapasulong ng rebolusyon, lumalawak at dumarami rin ang pagtutuunan ng panlipunang pagsisiyasat. Dumarami rin ang mga kasamang maaaring atasan para sa gawaing ito.

Butuan City

Mahigit 30 malalakas na armas at isang kalibre .30 masinggan ang nakumpiska at anim na kaaway ang napatay ng mga Pulang mandirigma sa dalawang reyd noong Enero sa Butuan City sa hilagang Mindanao.

Noong Enero 22, nireyd ng isang yunit ng BHB ang ditatsment ng 36th IB (PA) sa baryo Dulag, walong kilometro mula sa sentro ng syudad. Pagkaraan ng 15 mintong putukan, tatlong kaaway ang napatay at ang iba'y tumakbo. Nakakumpiska rito ang BHB ng isang kalibre .30 masinggan, 10 M16 at isang M203.

Pagkaraan ng "plebisito" noong Enero 28, magkasabay namang nireyd ng mga Pulang mandirigma ang istasyon ng pulisya (INP) at ditatsment ng PC sa baryo Ampayon, pitong kilometro lang mula sa sentro ng syudad. Isang PC, isang pulis at isang CHDF ang napatay ng mga gerilyang bayan at isang pulis ang napasuko.

Ayon sa isang paunang ulat mula Mindanao, 20 malalakas na riple ang nakumpiska ng mga kasama sa reyd na ito.

Hilagang Luzon

Sa dalawang operasyon sa hilagang Luzon noong Enero, nakasamsam ang BHB ng 22 malalakas na riple at nakapatay ng 16 na sundalo ng gubyrno.

Noong Enero 5, inambus ng mga Pulang mandirigma sa Rizal, Cagayan, ang dyip na sinasakyan ng 15 tropa ng 111th PC Company. Agad napatay ang 13 at ang dalawa pa ay malubhang nasugatan. Kinuha ng mga kasama ang 15 riple ng kaaway.

Nireyd naman ng isa pang yunit ng BHB ang ditatsment ng 44th IB (PA) sa Pasil, Malinga-Apayao, noong Enero 13. Napatay ng mga gerilyang bayan ang tatlong sundalo at nakakumpiska sila ng pitong M16 at kagamitang militar. Bago sila umetras, sinunog nila ang kampo ng kaaway.

Liberation

Welga!

Sabay-sabay na tumigil sa pagtrabaho noong Abril 16 ang mga manggagawa sa 120 empresa sa Metro Manila bilang protesta sa papanalakay at panunupil ng

rehimen sa piket ng mga nagwewelgang manggagawa. Noong araw ding iyan, libong manggagawa ang nagmartisa para



ihatid sa simbahan ang dalawang pinatay na manggagawa ng Foamtex Industries.

Namatay ang dalawa nang salakayin at paputukan ng mga pulis ng Valenzuela, Metro Manila, ang piketlayn sa Foamtex noong Abril 7. Nasugatan dito ang 25 manggagawa at inaresto ang walong welgista. Sa pangyayaring ito, umabet sa 200 ang bilang ng mga welgistang nasugatan at 114 na naaresto kaugnay ng mga welga sa Metro Manila mula Marso.

Bukod sa Foamtex, pumutok din nitong nakaraang ilang linggo ang mga welga sa Far Eastern University, Philec (ikalawang beses na), Quezon Development Bank (sa Quezon, at walong sangay sa Laguna, Batangas at Camarines Sur), Milky Way Manufacturing at Chemical Manufacturing. Samantala, sabay-sabay na nagbakasyon ang 5,000 manggagawa ng Meralco at nagmartisa sa paligid ng kanilang upisina sa Pasig. Dahil dito'y inaresto ang 13 sa kanila. Naglunsad din ng aksyong protesta ang 800 manggagawa ng Stanford Microsystems sa pamamagitan ng pagpapabagal at pagtigil-tigil ng trabaho para igiit ang kanilang karpatan.

Sa harap ng panunupil ng rehimen sa mga nagwewelgang manggagawa, pinatatag pa nila ang kanilang piketlayn. Ihinabla rin ng mga manggagawa ng Foamtex, Philec at Aberdeen ang mga nanalakay sa kanila. Kaugnay nito, sama-samang pagpiket sa Korte Suprema ang mga unyonistang nagharap ng sakdal. Mas marami pang unyon ang nagpiket sa Ministri ng Paggawa noong Marso 29. At noong Abril 8, nagrali ang 3,000 manggagawa sa Plaza Miranda

para tuligsain ang panunupil ng rehimen sa karapatang magwelga at pandarahas sa mga manggagawa.

Pulong sa Hongkong

Anim na lider ng oposisyon ang nagpulong sa Hongkong nitong Abril para buuin ang isang komite sa paghahanda na anila'y magpapihino para itayo ang pamahalaang transisyon na ipapalit sa rehimen ng Marcos.

Ang dating senador na si Lorenzo Tañada ang nahalal na tagapangulo ng komite. Ang iba pang miyembro ay sina da-

ting Presidente Diosdado Macapagal, mga dating senador Jose Diokno at Raul Manglapus, dating delegado sa Kumbensyong Konstitusyonal ng 1971 na si Abraham Sarmiento, at si Agapito "Butz" Aquino, lider ng August 21 Movement at Alliance of Metropolitan Associations.

Ayon sa komite, binabalak nitong magtayo ng isang militanteng organisasyong masa para harapin ang pagbabagsak sa rehimen ng Marcos at pagtatayo ng "tunay na demokrasya."

Kagyat na mga gawain nito ang paglahok sa kilusang boykot at ang pagsalungat sa lahat ng nagpapautang sa rehimen para suhayan ito.

INTERNASYONAL

Pangkalahatang welga

Di kukulangin sa anim na pangkalahatang welga ang pumutok sa limang bayan sa daigdig nitong nakaraang ilang linggo.

Sa Asya, nagwelga ang 360,000 manggagawa sa mga plantasyon ng tsa at goma sa Sri Lanka, ang pangunahing taga-eksport ng tsa sa buong daigdig. Tumigil naman ang kalakalang panlabas ng India sa panahon ng kasagsagan ng pag-eksport bunga ng welga ng 300,000 istibidor na nagtagal ng 26 na araw. Mahigit 200 barko ang di makaalis noon sa 10 pangunahing daungan.

Sa Amerikang Latina, napahinto ang mga klase sa Brazil nang magwelga ang 60,000 guro ng 5,000 pampublikong paaralan na may limang milyong istudyante. Sa Peru naman, dalawang beses nang nagwelga ang 300,000 drayber ng trak kasabay ng walkout ng 17,000 duktur sa mga ospital ng gubyrerno.

Sa Europa, ang 175,000 kasapi ng dalawang unyon ng mga manggagawa sa perokaril sa Great Britain ay sumabay sa welga ng mga minero ng karbon. Dahil

dito'y nasarhan ang 76 na porsyento ng mga minahan ng karbon at huminto ang pangunahing transportasyon ng industriya.

Nicaragua

Inamin kamakailan ng gubyrernong US na nagsasagawa ito ng mga operasyong sabotahe laban sa Nicaragua. Sa gayon pinasidhi ang gera ng US laban sa rebolusyonaryong gubyrerno ng bayang iyon sa Amerikang Latina, na isang gerang di naman pormal na idinedeklara.

Dalawang mahalagang daungan ang nireyd noong Setyembre at Oktubre 1983 ng Central Intelligence Agency (CIA). Winasak ang mga ipunan at tubo ng petrolyo, at 12 milyong litro ng petrolyo ang nawala.

Noong Enero, naglagay din ang CIA ng mga minang lumulutang sa dagat na malapit sa mga daungan. Dalawang barko na ang napapasabog ng mga mina.

Ang nasabing mga hakbang ng agresyon ng imperyalismong US ay kinondena ng gubyrerno ng Nicaragua gayundin ng ibang mga gubyrerno't mamamayan sa mundo.